ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

PROJECT PARES (PEER ASSISTED READING AND EDUCATION STRATEGIES): INTERBENSYON SA PAGPAPAUNLAD SA KASANAYANG PAGBASA AT PAGKATUTO NG MGA MAG-AARAL SA IKA-9 NA BAITANG

Divine P. Deloy[1], Isyd Mae Labastida[2], Manny B. Lig-onan[3]
https://orcid.org/0009-0007-8927-898X[1]
https://orcid.org/0009-0009-5601-355X
https://orcid.org/0009-0000-0509-1683[3]
[123]*Student Researchers, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*

Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra22594
DOI No: 10.36713/epra22594

ABSTRAK

Ang maaksyong pananaliksik na ito ay naglalayong paunlarin ang kasanayan sa pagbasa at pagkatuto ng mga mag-aaral sa sekondarya partikular na sa kanilang komprehensyon sa pagbasa. Ang interbensyong PROJECT PARES (Peer-Assisted Reading and Education Strategies): Interbensyon sa Pagpapaunlad sa Kasanayang Pagbasa at Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang ay nakatuon sa kasanayan sa pagbasa at pag-unawa sa binasang teksto gamit ang classroom-based assessment tool na Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI). Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng pre-experimental na disenyo na kung saan ito ay gumamit ng paired t-test na pamamaraan. Ang mga respondente ay napabilang sa nakakuha ng mataas na marka sa unang markahan at ang mga mag-aaral na napabilang sa pagkabigo na 24 na mga mag-aaral na mababa ang antas sa pagbasa at pag-unawa ay kolaboratibong magtutulung sa pagkatuto nang ikasiyam na baitang ng Sawata National High School. Natuklasan sa resulta ng pag-aaral na ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa pre-test ay inilalarawan na mababa samantalang ang naging resulta sa post-test ay mataas. Lumalabas na mayroong makabuluhang pagbabago sa pagitan ng pre-test at post-test ng mga mag-aaral mula sa eksperimental na grupo matapos ang isinagawang interbensyon, t (8) = 8.951 p<.001. Samakatuwid, ang Project PARES ay isang epektibong pamamaraan upang mapalakas at mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral kaya iminumungkahi ng mga mananaliksik na na pagpapatupad ng pang-edukasyong suporta katulad ng peer tutoring bilang isang epektibong interbensyon sa pagpapaunlad sa kasanayang pagbasa at pagkatuto.

MGA SUSING SALITA: *Antas Ng Pagbasa, Peer-Tutoring, Post Test, Pre-Test, PHIL-IRI, Ika-9 Baitang Sawata National High School,*

INTRODUKSYON

Isa sa mga pangunahing suliraning kinakaharap ng Kagawaran ng Edukasyon ay ang mahinang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binabasa. Bahagi nito ay ang kadahilanan na hindi wikang katutubo ang ginamit na wika, kung kaya ay marami sa mga mag- aaral ang hindi nagbibigay-pansin sa pagpapahusay ng kanilang kakayahan sa pagbabasa. Sa halip, mas binibigyang-tuon nila ang tahimik o pasalitang pagbabasa nang hindi sinusuri ang mas malalim na konteksto ng mga teksto. Bukod dito, nahihirapan ang mga mag-aaral sa pag-unawa ng bokabularyo sa konteksto, pagkuha ng mahahalagang detalye, paghula kanilang mga katulad na mag-aaral sa karamihan ng mga bansa.

Sa bansang Vietnam, partikular na sa Thai Nguyen University natuklasan ng pag-aaral ang kahirapan ng sa kasanayan sa pag-unawa sa binabasa sa Ingles na nararanasan ng mga first-year na mag-aaral na kumukuha ng kursong *English sa School of Foreign Languages (SFL).* Karamihan sa mga estudyante ay nakaranas ng tatlong pangunahing uri ng suliranin: sa larangan ng lingguwistika, estratehiya sa pagbasa, at sikolohikal na aspeto (Hoang & Nguyen, 2023). Sa Unibersidad ng Warsaw, Poland lumitaw sa pag-aaral nina Zawadka et al., (2021) na ang mga mag-aaral sa naturang paaralan ay mayroong makabuluhang mabigat na suliranin pagdating sa pang-araw-araw na gawain ng pagbasa gaya ng pag-unawa sa panuto kahit sa isang maliit na pakete ng pagkain at lebel ng gamot kung kaya't suporta, paggabay at pagpapabasa ay higit na kinakailangan nila.

Sa konteksto ng Pilipinas, ipinapakita nito ang patuloy na hamon sa pagpapabuti ng literasiya at kasanayan sa pag-unawa, na may malalim na epekto sa pangkalahatang pagganap ng mga mag-aaral sa iba't ibang asignatura. Upang malutas ang isyung ito, kinakailangan hindi lamang mapabuti ang pagtuturo ng pagbabasa kundi maunawaan din ang mga partikular na hamon na kinahaharap ng mga mag-aaral sa Pilipinas sa pagkatuto at pag- unawa (Tomas et al., 2021). Sa pag-aaral, partikular na sa Baguio City National High School sinusuri ang mga salik na nakaaapekto sa mababang antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral, at inaaral kung aling mga programa ng gobyerno ang dapat suportahan para mapabuti ang kanilang kakayahan sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

pagbasa. Natuklasan na mababa ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa, lalo na dahil sa epekto ng nakaraang pandemya (Aclinen & Olesio., 2023). Binigyang-turing din sa pag-aaral ng mga guro mula sa Lungsod ng Zamboanga, ipinakita ng resulta ng pag-aaral na ang tatlong pangunahing salik na nakaaapekto sa antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral ay ang hindi sapat na gawi sa pag-aaral, kakulangan sa pang-unawa, at mahinang bokabularyo. Bukod dito, napatunayan ding nakatutulong ang mga *"Catch-up Fridays"* sa pagtugon sa mga suliranin sa pagbabasa (Delos Santos et al., 2024).

Sa Dibisyon ng Davao del Norte, partikular na sa Sawata National High School, makikita sa mag-aaral ang mababang antas ng kasanayan pagkatuto at pag-unawa ng mga akdang binasa. Ayon sa isinagawang pagsusulit ng *Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI),* lumabas na marami sa mga mag-aaral ang nakakuha ng mababang marka, kaya't nagkaroon ng pangamba na marami pa ring mag-aaral ang may kahirapan sa pag-unawa ng mga binabasang teksto.

Sa ibang pag-aaral, may mga mananaliksik na nagsagawa ng pag-aaral hinggil sa pagpapaunlad ng kasanayang pagbasa at pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pag-aaral nina Yigit at Durukan (2023) na pianamagatang *"Effect of Peer-Assisted and Learning Together Techniques on 6th Grade Students' Reading Comprehension Achievement and Attitudes towards Reading"* na nakatuon sa pag-aaral ng pagpapaunlad ng kasanayang pagbasa at pagkatuto nina Caparos et al (2024) *"Peer up! (Practice and Enhance through Engaging in Reading using Peer Tutoring)*: Pagpapaunlad sa Pasanayan sa Wikang Filipino ng mga mga Mag-aaral sa Sekondarya".

Ang nabanggit na mga pag-aaral ay nakatuon sa kasanayan sa pagbasa at pagkatuto ngunit hindi para sa ika-9 na baitang at iba ang mga interbensyong ginamit upang matugunan ang suliranin. Hindi rin nakapokus sa pormal at pampantikan na bahagi ng teksto. Ito ay magiging batayan ng mga mananaliksik na makita ang pangangailangan na magawa ang pag-aaral na ito upang matukoy ang epekto ng interbensyon sa pagpapaunlad sa kasanayang pagbasa at pagkatuto ng mga mag-aaral sa ika-9 na baitang mula sa Sawata National High School (SNHS).

Layunin ng Pananaliksik

Bibigyang diin ng pagsusuring ito ang magiging resulta sa *pretest* at *post-test* ng mga mag-aaral sa sa Ikasiyam na baitang ng Sawata National High School. Ang pag-aaral na ito ay tiyakang makakukuha ng sagot sa mga sumusunod na mga katanungan:

1. Matukoy ang antas ng *pre-test* ng eksperimental na grupo bago at pagkatapos isasagawa ang interbensiyong *Peer-Assisted Tutoring* at *Education Strategies?*
2. May makabuluhang pagkakaiba ba ang resulta ng *pre-test* at *post-test* ng eksperimental na grupo bago at matapos maisagawa ang interbensiyon*?*
3. Ano ang naging pananaw at karanasan ng mga mag-aaral hinggil sa bisa at epektibong paggamit ng *Peer-Assisted Tutoring* at *Education Strategies*?

Haypotesis

Ang *null haypotesis* ay susukatin sa 0.05 na antas ng katiyakan na nagsasaad na walang makabuluhang pagkakaiba ang *Pre-test* at *Post-Test* matapos ang ginawang interbensyon na *"Project PARES Peer-Assisted Reading and Educational Strategies"* Pagpapaunlad sa Kasanayang Pagbasa at Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Ika-9 na Baitang.

Iminungkahing Inobasyon, Interbensyon at Istratehiya

Ang *Peer Tutoring* ay isang proseso ng pagtuturo kung saan natututo ang mga mag- aaral sa tulong ng kapwa mag-aaral na may mas mataas na kabatiran. Pipiliin ng guro ang mga mag-aaral na may pinakamataas na marka sa unang markahan upang magsilbing *tutor* sa mga nahihirapan sa pagbasa. Gamit ang interaktibong mga laro at patnubay ng kapwa mag-aaral, mas nagiging epektibo ang pagkatuto dahil sa personal na suporta at pagkatuto.

Ang mga mananaliksik ay bumuo ng interbensyong pinamagatang *PROJECT PARES (Peer-Assisted Reading and Education Strategies)* upang tugunan ang tumataas na bilang ng mga mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang na may mababang kasanayan sa pagbasa at pagkatuto. Layunin nitong paunlarin ang pagbasa sa tulong ng *Phil-IRI* at *peer tutoring*, kung saan ang magka-pares na mag-aaral ay magtutulungan sa pagbasa, pag-unawa, at paggamit ng mga estratehiya. Ang bawat mag-aaral na napabilang sa pagkabigo o mga mag-aaral na mababa ang antas ng pagbasa at pagkatututo sa binasa ay magiging kalahok at bibigyan ng interbensyon at papalawakin ang kakayahan sa pagbasa. Isasagawa ng mga mananaliksik ang interbensyon sa pamamagitan ng sumusunod na hakbang.

Una, makikipag-ugnayan ang mga mananaliksik sa punong-guro upang ipaalam ang layunin ng pag-aaral at humingi ng pahintulot para sa pagsasagawa nito. Susundan ito ng *pre-test* gamit ang *Phil-IRI* upang matukoy ang mga mag-aaral na may mababang antas ng pagbasa at pagkatuto. Pagkatapos, isasagawa ang deliberasyon upang matukoy ang mga partisipante. Susundan ito ng oryentasyon kung saan ipaliliwanag ng mga mananaliksik ang layunin, metodolohiya, kahalagahan ng pag-aaral, at papel ng bawat kalahok. Tatalakayin din ang kanilang mga karapatan at ang etika sa pagtuturo at pakikitungo sa kapwa mag-aaral.

Sa kaparehong banda, upang masiguro ang kaligtasan ng mga partisipante, sila ay gagabayan at sinubaybayan ng mga mananaliksik. Ginanap ang pagtuturo sa loob ng DepEd tambayan upang magkaroon ng tahimik at maaliwalas na kapaligirang pagkatuto ang mga mag- aaral. Lilimitahan lamang sa tatlong araw bawat linggo ang kanilang *peer tutoring.* Matapos ang isang buwan na paglalapat ng interbensyong *PROJECT PARES (Peer- Assisted Reading and Education Strategies),* nagsagawa ng isang *post-test* upang malaman kung mayroon bang pagbabago sa pagganap ng mga mag-aaral. Dito, masusukat kung mayroon bang pagbabago sa kakulangan ng mga mag-aaral kasanayan sa pagbasa at pagkatuto sa binasang teksto at kung naging epektibo ba ang ginawang interbensyon. Dito malalaman kung naging matagumpay ba ang *PROJECT PARES (Peer-Assisted Reading and Education Strategies).*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ang *post-test* ang magbibigay daan tungo sa makabuluhang resulta ng isasagawang interbensyon, ito ang magbibigay kahulgan kung ang *peer tutoring* at ang *classroom-based assessment tool* na ibinigay ay may kakayahang paunlarin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpapataas ng antas ng pagbasa at pagkatuto.

Week 1	Week 2	Week 3	Week 4
Reading Comprehension Bingo • Gumawa ng mga *bingo card* na may iba't ibang tanong na kaugnay sa materyal na binasa. • Habang nagbabasa at nag-uusap ang mga estudyante, minamarkahan nila ang mga sagot na tumutugma sa mga tamang bilang sa kanilang *bingo card*. **Character Charades** • Ang larong ito ay nagpapalalim ng pag-unawa sa mga katangian ng tauhan at mga mahahalagang pangyayari. • Ang mga estudyante ay magpapakita ng mga tauhan mula sa materyal na binasa habang ang kanilang mga kaklase ay huhulaan kung sino sila.	**Sentence Scramble** • Paghaluin ang mga pangungusap mula sa isang kuwento o at hayaang ayusin ng mga manlalaro ang mga ito sa tamang ayos. • Ayusin ang mga pinaghalong pangungusap ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. **Answer Relay** • Isang laro ng pangkat na nakatuon sa kasanayan sa pagbasa at komunikasyon. Babasahin ng lider ng grupo ang tanong mula sa guro at ibubulong ito sa kanyang mga kagrupo hanggang sa huling miyembro na siyang sasagot.	**True or False Reading Race** • Binabasa ng mga manlalaro ang isang talata at nagmamadaling tukuyin kung ang mga pahayag ay totoo o mali. • Pahusayin ang bilis at lalim ng pag-unawa, memorya, at pagtutulungan. **Sentence Jenga** • Sumulat ng mga tanong o hamon sa mga bloke ng Jenga. Kapag kumuha ng bloke ang manlalaro, kailangang sagutin ang tanong ukol sa binasa.	**Station Rotation** • Ang mga estudyante ay nagkakaroon ng kapares. Bawat pares ay magpapalitan sa paggawa ng iba't ibang mga gawain sa pagbasa o pag-unawa. • Sa larong ito, ang pares ay magbabasa ng talata nang malakas, at ang isa naman ay sasagot ng mga tanong tungkol sa pag-unawa, pagkatapos ay magpapalitan sila ng gampanin. • Ang unang pares na matapos ang lahat ng gawain nang tama ang magwawagi.

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit ng pag-aaral ang *pre-experimental* disenyo, partikular ang *one-group pre-test* at *post-test* na pamamaraan, para suriin ang epekto ng interbensyon. Nagsimula ito sa *pre-test* para malaman ang paunang pag-unawa ng mga mag-aaral, sinundan ng interbensyong *peer-assisted learning*, at tinapos ng *post-test* para makita ang naging pagbabago sa kanilang pag-unawa (Arikunto, 2006).

Sa pag-aaral ay ginamit ang kwantitatibong disenyo, partikular ang *pre-experimental* na pamamaraan na ginamit ng *pre-test* at *post-test* sa isang grupo upang sukatin ang epekto ng interbensyon. Layunin nitong matukoy ang potensyal na epekto ng interbensyon bilang paunang hakbang bago ang mas kontroladong pag-aaral (Campbell & Stanley, 1963).

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng *one-group pre-test-post-test* na disenyo. Kinuha ang *pre-test* upang malaman ang paunang kaalaman ng mga mag-aaral sa Filipino, lalo na sa pagsasaling-wika. Sumunod ang interbensyong *Project PARES*, at pagkatapos ay ang *post-test*. Ang paghahambing ng resulta ng *pre-test* at *post-test* ang nagpapakita kung may pagbabagong naganap at kung naging matagumpay ang pag-aaral.

Lokasyon ng Pananaliksik

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa Sawata National High School. Sa paaralang ito ay napansi ng mananaliksik na karamihan sa mga mag-aaral ay nagkakaroon ng kahirapan sa pag-unawa sa kanilang binabasang teksto sa Filipino.

Sampol at Populasyon

Sa pag-aaral na ito, mayroong isang pangkat o seksyon ang naging partisipante, ito ay base sa resulta ng *Philippine*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Informal Inventory (Phil-IRI) na isinagawa ng mananaliksik. Base sa datos mula sa apat na seksyon ng ikasiyam na baitang ay may dalawampo't apat (24) na pagkabigo o mababa ang antas ng pagbasa at pagkatuto. Ang dalawampo't apat (24) na mag-aaral na ito ay magiging partisipante at bibigyan ng interbensyon. Napili ang seksyong Aquino dahil sa bilang ng mga pagkabigong mga mag-aaral at hindi maipagkakaila na kinakailangan ng interbensyon at solusyon ang tumataas na bilang ng mga mag-aaral na may problema sa pagbabasa.

Talahanayan 1
Pre-Experimental na Disenyo

Grupo	***Pre-test***	**Interbensyon**	***Post-test***
Pre-Experimental (Seksyon Aquino)	C1	X	C2

Paglikom ng Datos

Unang ginawa ng mga mananaliksik ang liham na naglalaman ng layunin, mga hakbang, at partisipante ng pag-aaral, kasama ang liham-pahintulot para sa pagsasagawa nito sa paaralan. Pagkatapos maaprubahan, isinagawa na ang pag-aaral. Matapos aprobahan, unang nilapitan ng mga mananaliksik ay ang mga awtoridad ng paaralan na may listahan sa mga mag-aaral na nasa Ikasiyam baitang na kasali sa pag-aaral. Pagkatapos ay hihingi ng pahintulot sa mga tagapayo at ang mga guro ng asignaturang Filipino upang makilala ang mga mag-aaral na napabilang sa *pre-experimental* na grupo.

Bukod pa rito, bago isasagawa ang pagsusuri ng mga datos ay kinakailangan may pagkonsidera sa mga pagkukunan ng datos na kakailanganin para sa pananaliksik, ang manuskrito at mga tala sa napiling pag-aaral ay idadaan muna sa ibayong pagsisiyasat mula sa lupon ng tagapagsuri ng *Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology*, upang masiguro na ang isinagawang pag-aaral ay susunod sa angkop na mga proseso, hindi lalabag sa mga alintuntuning pang-etika at masigurong maprotektahan ang mga magiging materyal at paaralan na mapapabilang sa pag-aaral.

Pagkatapos, isinagawa ang oryentasyon upang ipaliwanag sa mga mag-aaral ang layunin ng pananaliksik. Susundan ito ng *pre-test* gamit ang *Phil-IRI* upang makuha ang paunang datos. Pagkatapos suriin ang resulta, agad na ipatutupad ang interbensyon na tatagal ng isang buwan. Sa panahong ito, ang mananaliksik bilang pre-service teacher ay magsasagawa ng mga gawaing pampagtuturo upang hasain ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Panghuli, bilang pagtatapos ng interbensyon na ito ay magkakaroon ng isang *post-test* na ibinigay sa grupo. Ito ay gamit pa rin ang *pre-test* sa pamamagitan ng *Phil-IRI* ngunit mayroong iilang binago upang masukat talaga kung naging epektibo ba ang interbensyon. Ito ay upang malaman kung umunlad at may pagbabago ka sa kasanayan ng mga mag-aaral at paano ito nakaapekto sa kanilang pagganap sa loob ng klase ng asinaturang Filipino.

Instrumento ng Pananaliksik

Sa pagsasagawa ng pag-aaral nararapat lamang na gumamit ng mga instrumentong aangkop at tutugon sa layunin ng pag-aaral. Sa pagsasagawa ng nito ay gumamit ang mga mananaliksik ng classroom-based assessment tool na *Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI).* Ginamit ng mga mananaliksik ang kagamitan Ang babasahin at mga talatanungan na inilahad sa mga mag-aaral ay kalakip sa *Phil-IRI form tool kit*.

Ang instrumentong *Phil-IRI* ay inisyatibo ng *Bureau of Learning Delivery, Department of Education (DepEd)*, na direktang tumutugon sa layunin nitong gawing mambabasa ang bawat batang Pilipino. Ito ay nakabatay sa pangunahing programa ng Kagawaran: "*Every Child A Reader Program,"* na naglalayong gawing mambabasa at manunulat ang bawat batang Pilipino ayon sa kanilang antas ng baiting. Ito ay binubuo ng mga *graded passages* na idinisenyo upang matukoy ang antas ng pagbasa at pagkatuto ng bawat mag-aaral. Ang mga datos mula dito ay magsisilbing isa sa mga batayan sa pagpaplano, pagdidisenyo/muling pagdidisenyo ng mga programa o aktibidad sa pagbasa sa paaralan upang mapabuti ang pangkalahatang kakayahan sa pagbasa ng paaralan.

Talahanayan 2
Range of Mean Percentage

Saklaw ng Porsyento ng *Mean*	Kahulugan	Interpretasyon
90-100	Outstanding	Independent Reader(Malaya)
85-89	Very Satisfactory	Intrustional
80-84	Satisfactory	(Pampagkatuto)
75-79	Fairly Satisfactory	Change(Pagbabago)
Below 75	Did not meet expectation	Non-reader(Di-makabasa)

Pag-aanalisa ng Datos

Ang pagsusuri ng datos ay kinapapalooban ng pag-unawa sa mga baryabol at ang kanilang ugnayan. Ito ay mahalaga sa pananaliksik dahil tinitiyak nito ang katumpakan, angkop na paggamit ng mga metodolohiya, pagkumpirma ng mga natuklasan, pagsuporta sa paggawa ng desisyon, at paggamit ng epektibong pamamaraan. Kabilang din dito ang pagkilala at pagtugon sa mga posibleng hamon at limitasyon na kaugnay ng iba't ibang metodolohiyang pananaliksik, gaya ng kwantitatibo at kwalitatibong pamamaraan. Ang pag-unawa sa mga aspetong ito ay tumulong sa mga mananaliksik na bigyang-kahulugan ang kanilang mga natuklasan nang mas tumpak at may

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

pananagutan (Thompson, 2022).

Bukod dito, ang *paired t-test* ay isasagawa rin upang matukoy kung may makabuluhang pagbabago sa mga resulta ng pagsusulit bago at matapos ang interbensyon gamit ang *Peer-Assisted Reading and Education Strategies*. Ang *p-value* na mas mababa sa .001 ay nagpapatunay na ang pag-unlad ay hindi nagkataon lamang. Ang *Cohen's d* na may halagang 1.827 ay nagpapakita ng malaking epekto, na nagpapatunay na ang interbensyon ay may makabuluhang epekto sa kakayahan sa pagsulat ng mga estudyante. Sa kwalitatibong bahagi ng pag-aaral, ginamit ang *thematic analysis* upang suriin ang mga sagot ng mga estudyante sa panayam. Isinagawa ang data reduction upang alisin ang di-mahalagang impormasyon, sinundan ng *coding* para tukuyin ang magkakatulad na ideya.

Higit pa rito, ang pagsusuri ay magbibigay-daan upang masukat ang lebel ng kaalaman ng mga mag- aaral sa pagbasa at pagkatuto sa binasang teksto at upang matukoy ang mga bahagi na nangangilangan pa ng karagdagang pagtuturo at pagpapabuti. Ang mga resulta ng pagsusuri ay ilalahad sa pamamagitan ng talahanayan na nasa ibaba na magsisilbing batayan sa pagsusuri ng datos sa pananaliksik na ito. Sa ganitong paraan, naging mas sistematiko at makabuluhan ang pagsusuri na magbibigay-liwanang sa epekto ng *Peer-Assisted Reading and Education Strategies* bilang isang interbensyon sa malikhaing pagtuturo.

Estadistikal Tritment ng Datos

Sa pagsusuri ng nalikom na datos, ginagamit ang mga sumusunod sa istadistika:

Mean. Ginamit upang kalkulahin ang kabuoang datos ng baryabol sa pag-aaral, nang sa gayon ay malaman ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagkatuto sa *pre-test* at *post-test*

Standard deviation ay isang estadistikal na panukat na nagpapahayag kung gaano kalawak ang puntos mula sa *average value o mean*.

Paired T-test. Ginamit ito upang suriin ang istatistikal na pagkakaiba sa pagitan ng dalawang grupo o kondisyon (Gleichmann, 2020). Ito rin ay nakatulong upang tukuyin ang makabuluhang pagkakaiba sa *pre-test* at *post-test* ng mga mag-aaral na nasa baitang-9 ng Sawata National High School kaugnay sa pagbasa at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Cohen's d. Ginamit ito upang sukatin ang laki ng epekto ng interbensyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng *Cohen's d*, natukoy kung gaano kalakas ang epekto ng *Project PARES* sa pagpapaunlad sa kasanayang pagbasa at pagkatutuo ng mga mag-aaral (Cohen, 1988).

RESULTA AT DISKUSYON

Inilalahad sa kabanatang ito ang resulta o datos na nakuha sa pag-aaral. Ang kabanatang ito ay nagpapakita ng *data* sa antas ng mga puntos sa interbensyong *Project PARES* ng mga mag-aaral sa pretest; ang antas ng mga puntos ng mga mag-aaral sa *post-test* matapos ang interbensyong *Project PARES*; at ang makabuluhang pagkakaiba ng mga marka ng *pretest* at *post-test* ng mga mag-aaral bago at matapos maisagawa ang interbensyong; at ang naging pananaw at karanasan ng mga mag-aaral hinggil sa bisa at epektibong paggamit ng *Project PARES* bilang interbensyon sa pagpapaunlad sa kasanayang pagbasa at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Research Objective No. 1 Ano ang antas ng mga mag-aaral sa kasanayang pagbasa at pagkatuto bago ang interbensyong Peer-Assisted Reading at Education Strategies?

Sa resulta ng isinagawang *pre-test* ay makikita sa Talahanayan 3. Batay sa datos na nakuha, lumabas na ang antas ng kasanayang pagbasa at pagkatuto ng mga mag-aaral ay mayroong kabuoang *mean* na 51% na may deskriptibong katumbas na mababa. Ito ay nangangahulugang ang mga mag-aaral ay mababa ang antas ng kasanayang pagbasa at pagkatuto.

Karugtong nito, makikita sa talahanayan na ang pinakamataas na markang nakuha ay 22 na may *frequency* na 1 at bahagdan na 3.33. Nangangahulugan na sa kabuoang bilang ng populasyon na 24, isa (1) lamang ang nakakuha ng mataas na iskor at ang nakakuha ng passado na marka. Samantala, ang pinakamababang iskor naman na nakuha ay 8, na may *frequency* na 1 at may bahagdan na 3.33.

Ang pag-aaral na ito ay kagaya ng pag-aaral ni Sukarni (2021) kung saan bago ang interbensyon ay nagsagawa ang mga mananaliksik ng *pre-test*, bilang resulta ng *pre-test* lumabas na nakakuha ang mga mag-aaral ng 46.86 na nangangahulugang mababa ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa binasang teksto.

Gayundin sa pag-aaral ni Tolibas (2025), lumabas sa kanyang pagsusuri na isang malaking bahagi ng mga mag-aaral partikular na ang mga lalaki ay napabilang sa *frustration level*, na nagpapakita ng patuloy na hamon sa kasanayan sa pagbasa at pag-unawa. Samantala, kakaunti lamang ang nakamit ang *independent level*, kung saan ang mga babae ay patuloy na nagpapakita ng mas mataas na antas ng kasanayan kaysa sa mga lalaki.

Talahanayan 3
Resulta ng Pre-Test

Iskor sa *Pre-test*	*Frequency*	*Bahagdan*
6	3	10.00%
7	3	10.00%
8	1	3.33%
9	1	3.33%
10	1	3.33%
11	2	6.67%
12	4	13.33%

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

13	1	3.33%
14	1	3.33%
15	2	6.67%
16	1	3.33%
20	1	3.33%
21	2	6.67%
22	1	3.33%
Kabuoan	24	100%
Kabuoang *Mean*		12.208
Mean Percentage Score		51%
Deskripsyon		Mababa

Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang *mean scores* bago at pagkatapos ng interbensyon. Kapansin-pansin ang malinaw na pagtaas ng pagbasa at pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa *pre-test*, halos lahat ng *indicator* ay nasa saklaw sa mababa hanggang katamtaman na deskripsyon.

Sa kaparehong banda, sa pag-aaral nila Gubalani et al. (2023). ang naging resulta sa *pre-test* na mean ng mga mag-aaral ay mababa, nagpapahiwatig lamang na ang mga mag-aaral ay nangangailangan pa ng tulong sa pag-unawa dahil sila ay dapat na makakuha ng kinakailangang kaalaman at kasanayan upang mapadali ang pag-unawa sa pagbabasa. Bukod dito, may posibilidad pa na mapataas ang kanilang antas ng pag-unawa sa pamamagitan ng pagtanggap ng suporta mula sa mas may kaalaman.

Talahanayan 4
Buod ng Mean Scores at Deskripsyon ng mga Indicator Bago ang Interbensyon

Indicators	***Pre-test***	
	Average Percentage Scores(%)	***Description***
Pagpapala sa Pangingisda	55%	Mababa
Kasaysayan ng Tacloban	44%	Mababa
Pagsalungat ni Macario Sakay	54%	Mababa
Overall Percentage Score (%)	51%	**Mababa**

Research Objective No. 2 **Ano ang antas ng mga mag-aaral sa pagpapaunlad ng kasanayang pagbasa at pagkatuto pagkatapos maipatupad ang interbensyong *Peer-Assisted Reading and Education Strategies?***

Batay sa datos na nakuha, lumabas na ang antas ng kasanayang pagbasa at pagkatuto ng mga mag-aaral sa ay mayroong kabuoang *mean* na 88% na may deskriptibong katumbas na mataas. Ito ay nangangahulugang ang mga mag-aaral ay may kakayahang umunawa batay sa indikeytor na ibinigay. Nagkaroon ng pagbabago sa kanilang iskor nang matapos ang interbensyon sapagkat mas nadaragdagan pa lalo ang kanilang nakuhang marka.

Makikita sa talahanayan na ito na ang pinakamataas na markang nakuha ay 39 na may *frequency* na 1 at bahagdan na 2.78. Nangangahulugan na sa kabuoang bilang ng populasyon na 36, tatlumpo (30) ang nakakuha ng mataas na iskor at ang nakakuha ng passado na marka. Samantala, ang pinakamababang iskor naman na nakuha ay 22, na may *frequency* na 1 at may bahagdan na 2.78. Nangangahulugan na ang tatlumpong (30) mag-aaral ay nakakuha ng mataas at pasadong marka, at anim (6) naman ang nakakuha na iskor na mababa sa 30.

Bukod pa rito, makikita sa talahanayan na ang pinakamadalas na nakuhang marka ng mga mag-aaral ay 36, na may *frequency* na 8 at may bahagdan na 22.22. Sinundan naman ito sa iskor na 38 na isa sa pinakamadalas na nakuha ng mag-aaral na may *frequency* na 6 at bahagdan na 16.67. Ibig sabihin, ito ang mga markang kadalasang nakuha ng mga mag-aaral matapos maisagawa ang *pre-test.*

Ang resultang ito ay sinuportahan sa pananaliksik ni Julita (2024), base sa resulta sa isinagawang pananaliksik lumabas na ang gamification, na kinabibilangan ng paggamit ng mga elemento ng laro tulad ng mga hamon, puntos, levels, badges, rankings, at feedback, ay malaki ang epekto sa kakayahan sa pagbabasa. Ang positibong epekto na ito ay makikita sa lahat ng antas ng edukasyon, mula sa elementarya at junior high hanggang senior high at kolehiyo, na nagpapakita ng malawakang kahalagahan ng mga pamamaraang batay sa laro sa pagtuturo ng pagbabasa.

Higit pa, isang pag-aaral ni Hashemi (2021) ang sumuporta sa pananaliksik at lumabas sa kaniyang pananaliksik na ang mga laro ay nakakatulong sa pagpapataas ng motibasyon ng mga mag-aaral at sa pagkatuto ng bagong bokabularyo, na nag-aambag naman sa mas mahusay na pag-unawa sa binabasa. Dahil mas nakakaaliw at nakakapukaw ng interes ang mga larong pang-edukasyon, mas epektibo itong nakakatulong sa pagkatuto ng mga salita.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 5
Resulta ng Post-Test

Iskor sa Post Test	Frequency	Bahagdan
15	1	3.33%
17	3	10.00%
20	3	10.00%
21	3	10.00%
22	6	20.00%
23	6	20.00%
24	2	6.67%
Kabuoan		100%
Kabuoang *Mean*		**21.125**
Mean Percentage Score		**88%**
Deskripsyon		**Mataas**

Matapos maimplementa ang interbensyon, makikita sa Talahanayan 5 ang pagtaas ng pagkatuto dahil bawat indikeyor ay nakakuha ng napakataas na diskripsyon. Ang Pagsalungat ni Macario Sakay ang nakakuha ng 90% nangangahulugang napakataas hudyat na mas napaunlad ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa binasang teksto. Samantalang ang Pagpapala sa Pangingisda naman na mula sa mababa ay nakakuha na ng 88% na may diskripsyon na mataas. Panghuli ay Kasaysayan ng Tacloban na may 86% na nangangahulugang mataas. Kung pagbabatayan, ang posryento na nakuha ay tumaas mula sa mababa tungo mataas. Nangangahulugan itong ang intebensyon na naimplementa ay matagumpay. Sa kabuoan, ang pangunahing *mean percentage score* ng mga mag-aaral ay tumaas mula 51% na mababa patungo sa 88% na mataas.

Sa pag-aaral na naisagawa ni Gubalani et al., (2023), natuklasan sa mga resulta na naabot ng mga mag-aaral sa ikasiyam na baitang ang kinakailangang antas ng pag-unawa sa binasa. Ibinunyag ng pag-aaral na may makabuluhang pagkakaiba sa pag-unawa sa binasa bago at matapos ang pagpapatupad ng *peer tutoring*, na nagpapatunay na nakatulong ito sa pagpapabuti ng kanilang pag-unawa.

Talahanayan 6
Buod ng Mean Scores at Deskripsyon ng mga Indicator Matapos ang Interbensyon

Indicators	***Pre-test***	
	Average Percentage Scores(%)	***Description***
Pagpapala sa Pangingisda	88%	Mataas
Kasaysayan ng Tacloban	86%	Mataas
Pagsalungat ni Macario Sakay	90%	Pinakamataas
Overall Percentage Score (%)	**88%**	**Mataas**

Maaring pagbatayan ang pananaliksik nina Hasnai at Ismail (2020) na batay sa resulta, ang mga ginamit na teknik sa pananaliksik ay *pretest, post-test*, at obserbasyon. Ipinakita ng mga natuklasan na naging matagumpay ang paggamit ng *Peer-Assisted Learning Strategies* sa pagpapabuti ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Sinuportahan naman ito sa pananaliksik nina Shokri & Khodareza (2024) lumabas sa kanilang pananaliksik na ang peer-assisted dynamic assessment ay may positibong epekto sa saloobin ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binabasa. Sa pamamagitan ng pagtutulungan, nagiging mas tiwala at mas aktibo ang mga mag-aaral sa pagharap sa mahihirap na teksto. Ang ganitong interaksyon sa kapwa ay nakatutulong din sa pagiging mas mapanagot at nagsasarili ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto, lalo na sa pagharap sa mga bagong salita at impormasyon.

Research Objective No. 3 May makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga puntos sa isinagawang pre-test at post-test?
Talahanayan 6
Makabuluhang Pagkakaiba ng Pre-test at Post-test na Iskors

Type of Test	***N***	***df***	***Mean***	***Mean difference***	***SD***	***t-value***	***P-value***	***Cohen's d***	***Decision a=0.05***
Post-test	24	23	21.125	12.528	2.419	8.951	<.001	1.827	Significant
Pre-Test	24		12.208		5.013				

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Batay sa Talahanayan 5, isinagawa ang *Paired Samples T-Test* upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng marka ng mga mag-aaral sa *pre-test* at *post-test* matapos ang isinagawang interbensyon, t(23)=8.951, p<.00l. Ang *p-value* (p=<.001) na ito ay mas mababa kaysa sa karaniwang antas ng kahalagahan (α = 0.05), kaya't ito ay nangangahulugang may estadistikong makabuluhang pagkakaiba sa *performance* ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensyon. Sa madaling salita, ang pagtaas ng marka sa *post-test* ay hindi bunga ng pagkakataon lamang, kundi bunga ng epektibong implementasyon ng interbensyon o pagtuturo.

Ang nakalkulang *Cohen's d* na 1.827 ay nagpapahiwatig ng napakalaking epekto. Bnigyang-turing nito na ang ipinatupad na interbensyon sa pag-aaral ay may napakalakas na epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. Binibigyang-diin ng resultang ito ang bisa ng *Project PARES (Peer-Assisted Reading and Education Strategies)* na interbensyon at ang potensyal nito na lubos na pagpapaunlad ng kasanayang pagbasa at pagkatuto.

Pinatutunayan ng mga natuklasan na may estadistikang makabuluhang pag-unlad ng kasanayang pagbasa at pagkatuto ng mga mag-aaral matapos ang *Project PARES* na interbensyon. Ang malaking pagtaas sa *mean scores*, kasama ang mataas na *t-value* at mababang p-value, ay nagbibigay ng matibay na ebidensiya ng bisa ng interbensyon. Sa konklusyon, ipinapakita ng *Project PARES* na interbensyon ang makabuluhan at epekto nito sa pagpapaunlad ng kasanayang pagbasa at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang resultang ito ay sinuportahan sa pag-aaral ni Mogea (2023) kung saan gumamit ang mananaliksik ng pre-experimental na pananaliksik at lumabas sa resulta na mas mataas ang iskor ng mga estudyante sa post-test kumpara sa *pre-test*, na nagpapahiwatig na may positibong epekto ang paggamit ng group discussion na teknik sa kanilang kakayahang umunawa ng binasang teksto. Sa pamamagitan ng talakayang panggrupo, mas nauunawaan ng mga estudyante ang nilalaman at mas madali nilang nahahanap ang mahahalagang ideya mula sa binabasa.

Sa isang pag-aaral ni Alghonaim (2020), lumabas sa resulta na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang grupo. Ang mga estudyante sa *experimental group* ay nakakuha ng mas mataas na marka kumpara sa *control group*. Ipinapahiwatig ng pag-aaral na tumataas ang antas ng pag-unawa ng mga EFL na mag-aaral kapag sila ay mas aktibo sa pagbasa, lalo na kung ito ay may kaugnayan sa mga aralin sa klase.

Dagdag pa, sa pag-aaral ni Hashemi (2021), sinuportahan ang pananaliksik na ang mga interaktibong laro ay epektibo at nakakatulong sa pagtuturo ng bokabolaryo at higit na sa paglinang ng kasanayang pagbasa at pagkatuto. Higit pa rito, sa resulta sinuportahan na ang mga laro ay nakakatulong panatilihin ang motibasyon sa pagkatuto. Ang mga resultang ito ay nagpapatunay na ang mga pangkabatirang laro ay nakakatulong sa pagtaas ng kasanayn ng mga mag-aaral.

Talahanayan 8
Pananaw ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Panlapi sa Salitang-ugat

Essential Themes	***Supporting Statements***
Pagpapalawak ng Kaalaman sa Pagkatuto	• *"Ang Project PARES ay nagbibigay sa amin ng mga pagkakataon upang higit pang mapalawak ang aming kaalaman at kasanayan."* **– *IDI-01*** • *"Nakatulong ito sa amin... nakapagbigay rin ito ng karagdagang kaalaman na makatutulong sa aming pagbabasa at pag-iisip."* **– *IDI-02*** • *"Nakapagbigay ito ng karagdagang kaalaman na nakatutulong sa pagpapalakas ng aming critical thinking."* **– *IDI-03*** *(Nakapagbigay ito ng karagdagang kaalaman na malaki ang naitulong sa pagpapalakas at pagpapaunlad ng aming kakayahan sa kritikal na pag-iisip. Dahil dito, mas nagiging matalino kami sa pagsusuri ng mga impormasyon at mas epektibo ang aming pagdedesisyon).* • *"Nakatulong ito sa akin upang mapabuti ang aking pag- unawa sa mga binabasa at mapalawak ang aking bokabularyo."* – ***IDI-06*** • *"Nakatulong ito saming mga mag-aaral upang mapaunlad ang aming vocabulary, tamang pag-unawa at pagpapalakas ng kasanayan sa reading comprehension."* – ***IDI-05***
Nagpapabuti ng Pagbasa at Pag-unawa sa Pamamagitan ng Peer-Assisted Learning	• *"Makikita ko ang malaking epekto ng programa sa aking kakayahan sa pagbasa at pag-unawa sa pamamagitan ng Peer Assisted Learning."* – ***IDI-04*** • *"Natututo kami kung ano ang aming binasa kasi mas nahikayat kami na alamin ang kuwento kasi mayroong laro."* – ***IDI-07*** *"Project PARES ay daan sa amin para matuto kami kung paano intindihin ang aming binasa."* – ***IDI-08***
Pinapalakas na Kooperasyon sa Pakikipag-ugnayan sa Kapwa Mag-aaral	• *"Pakikipagtulungan sa mga kaklase… magbahagi ng ideya, nagpatibay ng ugnayan."* **– *IDI-04*** • *"Nagtuon kami unsaon pagtabang sa among kauban."* – *Implied in* **- *IDI-07*** *(Natuto kami kung paano makakatulong sa aming mga kaklase o kaibigan upang mas*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

	mapadali ang kanilang pag-aaral at mapabuti ang kanilang pag-unawa.). *"Natututo kami kasama ang aking kapwa mag-aaral."* ***–IDI-10***
Aktibong Pakikilahok sa mga Gawain sa Pamamagitan ng Laro at Hamon	• *"Answer Relay Challenge… sigurado akong maraming matutunan ang mga mag-aaral."* – ***IDI-05*** • *"May mga laro… napaka-effective sa pagtulong sa amin na maingganyo."* – ***IDI-07*** *(May mga laro na isinama sa mga gawain, at napaka- epektibo ng mga ito sa pagtulong sa amin na maengganyo at maging mas aktibo sa pag-aaral. Sa pamamagitan ng masaya at makabuluhang karanasan, mas nagiging interesado kami sa paksa at mas madali naming natututuhan ang aralin).* • *"May mga laro na makalingaw maskin kapoy."* – ***IDI-08*** *(May mga laro na nakaaaliw kahit nakakapagod).* • *"Epektibong mga laro sa pagsukat ng aming kaalaman."* ***– IDI-10*** *"Makiisa sa mga laro… epektibo at mabisa."* **– *IDI-09***
Karagdagang Aktibidad sa Pagpapalalim ng Pag-unawa sa Binabasa	• *"In my opinion it also best to persuade student to join academic activities that involves writing like journalism."***— *IDI-04*** *(Sa aking palagay, mahalaga ring hikayatin ang mga mag-aaral na lumahok sa mga gawaing pang-akademiko na may kinalaman sa pagsusulat, tulad ng pamamahayag).* • *"I think additional activities that reinforce understanding the texts such as games or task that demonstrate understanding of characters and plot could be added.***"—** ***IDI-06*** *(Sa tingin ko, makabubuti ring magdagdag ng mga karagdagang gawain na nagpapalalim sa pag-unawa sa teksto, tulad ng mga laro o mga aktibidad na nagpapakita ng pag-unawa sa mga tauhan at banghay ng kuwento).* • *Maghatag ug mga activities like basahonon nga naay mga questions nga makatabang para ma-enhance jud ang estudyante."* **— *IDI-03*** *(Mainam na magbigay ng mga aktibidad tulad ng mga babasahing may kasamang mga tanong upang higit na mahubog ang pag-unawa at mapahusay ang kasanayan ng mga magaaaral sa pagbasa at pagsusuri).*
Ipagpatuloy ang Saya sa Pagkatuto gamit ang Builiding Blocks at Context Clues	• *"Isa sa akong ganahan sir nga interbensyon sa Project PARES kay kadtong building blocks ug kadto gani mga context clues nga e arrange namo, base ra pud atong gibasa nga kwento then answeran namo... nalingaw pud me sa mga activity."****IDI-02*** *(I sa mga gusto ko, Sir, na interbensyon sa Project PARES ay iyong building blocks at iyong tungkol sa context clues na inaayos namin batay sa binasa naming kuwento, tapos sasagutan namin. Natuwa rin kami sa mga aktibidad)* • *"Ang akong paborito nga implementasyon sa Project PARES Kay kadtong building blocks ug kadtong relay message... dakong tabang para attentive ang mga partisipante nga maka-answer jud."* ***(IDI-03)*** *(Ang aking paboritong implementasyon sa Project PARES ay iyong building blocks at ang relay message malaki ang naitulong nito para maging attentive ang mga kalahok at talagang makasagot.)* • *"Context Clues Race dahil sa implementasyong ito ay tinutulungan nito ang isang mag-aaral na isharp ang mind at unawain ang wika sa konteksto..."* ***(IDI-05)*** *("Ang Context Clues Race ay isang kapaki-pakinabang na implementasyon dahil sa pamamagitan nito, natutulungan ang mga mag-aaral na hasain ang kanilang pag-iisip at mas maunawaan ang kahulugan ng mga salita ayon sa konteksto. Nakakatulong ito upang maging mas mapanuri at mas mabilis sa pag-unawa sa mga binabasang teksto.)*
Pagpapabuti ng Interbensyon at Pagdaragdag ng Bagong Kasanayana	• *Pagdagdag ng Braille para sa mga may kapansanan* ***(IDI- 04)*** • *Pagpapatuloy ng Project P.A.R.E.S. sa iba pang mag-aaral* ***(IDI-05)*** • *Pagpapatuloy at pagpapabuti ng mga interbensiyon upang matulungan ang mas maraming estudyante* ***(IDI- 06)*** *Pagpapatuloy ng mga laro at pagpapalawig ng oras sa mga interbensiyon* ***(IDI-07)***

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Pagkatapos ng panayam, natukoy ng mga mananaliksik na ang interbensiyon ay **nagpapalawak ng kaalaman at kasanayan sa pagkatuto**. Sa temang ito nagpapakita na ang mga interbensiyon ay nakakatulong sa mga mag-aaral na mapalawak ang bokabolaryo, mapaunlad ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral at higit pang malinang ang kakayahan sa pag-unawa sa mga tekstong binasa.

Ang resultang ito ay sinuportahan ng pag-aaral na isinagawa ni Risa Noval (2024) ang isang penomenolohikal na pag-aaral sa mga guro sa Filipino sa Digos City upang tuklasin ang mga estratehiya sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa harapang pagtuturo. Natuklasan na ang pagtatatag ng kapaligiran sa pagbabasa, pagpapalakas ng pakikilahok ng mga magulang, at paggamit ng mga aralin na may kaugnayan sa teknolohiya ay epektibong pamamaraan sa pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan sa pagbasa.

Sa pag-aaral naman nina Bayang et al., (2020), na pnamagatang "Kaalaman at Kasanayan (Competence) sa Pananaliksik ng mga Senior High School sa Filipino: Implikasyon sa Pagtanggal ng Filipino sa Kolehiyo," sinuri nila ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino sa paggawa ng pananaliksik at ang epekto nito sa desisyon ng CHED na alisin ang Filipino sa kurikulum ng kolehiyo.

Ipinakita sa pangalawang tema na **nagpapabuti ng pagbasa at pag-unawa sa pamamagitan ng Peer-Assisted learning** na nakakatulong sa mga mag-aaral na lubos na matuto. Ipinakita sa resulta ang kabuluhan ng peer-assisted sa paglinang ng kakayahan sa pag-unawa at pabasa ng mga mag-aaral na nakakadagdag sa kanila ng paghihikayat. Base sa tugon ng respondente, nagsisilbing daan ang *peer-assisted* sa kanila pang maintindihan ang kanilang binabasa.

Sa pag-aaral ni Basco (2023), ipinakita ng mga natuklasan sa pag-aaral na epektibong estratehiya ang *peer tutoring* sa pagpapabuti ng kakayahan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang, lalo na ng mga kabilang sa *experimental group*. Ang makabuluhang pagtaas ng kanilang karaniwang marka mula sa *pre-test* patungong *post-test* ay nagpapakita ng malinaw na pag-unlad sa kanilang kakayahang umunawa sa binasa. Ipinapahiwatig ng mga resultang ito na ang peer tutoring ay isang mabisang paraan o mekanismo upang suportahan at paunlarin ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang binabasa.

Dagdag pa sa pag-aaral na isinagawa sa Magugpo Pilot Central Elementary School, masusing sinuri nina Piator at Villocino (2024) ang bisa ng *Peer-Assisted Learning Strategies (PALS)* sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa ika-5 baitang. Natuklasan ng pag-aaral na sa pamamagitan ng mga *structured peer activities*, kung saan ang mga mag-aaral ay nagtutulungan sa pagbasa at pag-unawa sa teksto, ay lubos na tumataas ang interes, partisipasyon, at akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang PALS ay napatunayang epektibo hindi lamang sa pagpapataas ng komprehensyon kundi pati na rin sa pagbibigay ng tiwala sa sarili ng mga batang mambabasa.

Lumabas sa temang ito na **pinalakas na kooperasyon at pakikipag-ugnayan sa kapwa mag-aaral** ang isa sa nakakatulong sa mga mag-aaral na matuto. Lumabas sa pag-aaral na ang interbensiyon ay nagpapalakas ng pakikipag-ugnay sa kapwa mag-aaral. Ang mga kalahok ay kakikitaan ng pagtutulongan sa mga gawain at mas nagiging epektibo ang pagkatuto sa pamamagitan ng patnubay ng kapwa mag-aaral.

Sinuportahan naman ito sa pag-aaral ni McClure, H. (2020), ipinakita sa pag-aaral na ito ang epekto ng kooperatibong pagkatuto sa relasyon ng mga mag-aaral, suporta sa akademiko, at pakikilahok sa pagkatuto sa mga estudyanteng may kulay. Ipinakita na ang kooperatibong pagkatuto ay may positibong epekto sa mga aspetong ito, na nagpapalakas ng pagtutulungan at komunikasyon sa pagitan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng mga aktibidad na nakabatay sa kooperasyon, nagiging mas aktibo at mas interesado ang mga estudyante sa kanilang pagkatuto, na nagpapabuti sa kanilang pang-akademikong pagganap.

Ayon naman sa pag-aaral ni Jaya et al., (2024) gamit ang *quasi-experimental* na pag-aaral upang suriin ang epekto ng kolaboratibong pagkatuto sa mga mag-aaral. Lumitaw sa kanilang resulta na ang *peer interaction* ay hindi lamang nagpaunlad ng akademikong pagganap kundi pati na rin ng mga kasanayang panlipunan tulad ng komunikasyon at pagtutulungan. Ang mga mag-aaral ay naging mas aktibo sa talakayan at mas nakaingganyo sa pag-aaral.

Sa pang apat na tema lumabas na ang mga mag-aaral ay **aktibong nakikilahok sa mga gawain sa pamamagitan ng laro at hamon** at ito'y lubos na nakakatulong sa paglinang ng kanilang isipan**.** Makikita sa temang ito ang kaganyakan ng mga mag-aaral sa mga larong inihanda kagaya na lamang ng *Answer Relay* bilang panlunas na laro sa pagtamo at pagsukat ng kabatiran ng mag-aaral. Ipinapakita sa isinagawang panayam ang kabuluhan ng mga laro sa pagtaas ng kaganyakan ng mag-aaral sa paglahok sa intebensiyon.

Ayon sa pag-aaral ni Jones (2024), tinalakay sa pananaliksik kung paano nakaaapekto ang *gamification* sa partisipasyon ng mga mag-aaral sa isang statistics classroom. Natuklasan na ang paggamit ng *gamified elements* tulad ng *points* at *leaderboards* ay nagdulot ng mas mataas na motibasyon at aktibong pakikilahok ng mga estudyante. Ang *gamified flipped classroom* ay may positibong epekto sa akademikong pagtamo, motibasyon, pakikilahok, at kasiyahan ng mga mag-aaral, partikular sa mga estudyanteng nasa sekondarya at unibersidad. Gayunpaman, may mga hamon tulad ng posibilidad ng mababaw na pakikilahok at demotibasyon.

Sa temang ito iminungkahe na magkaroon ng **karagdagang aktibidad sa pagpapalalim ng pag-unawa sa binabasa** nang lubos ang pagkatuto ng mag-aaral. Ipinahayag sa temang ito ang opinyon ng mga mag-aaral patungkol sa mga rekomendasyon na sa tingin nilay makakatulong upang mas tumaas pa ang kalidad ng intebensiyon. Isa sa kanilang mungkahe ay ang pagdagdag ng mga aktibidad tulad ng pagsulat at mga karagdagang laro na susukat sa kabatiran ng mga mag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Binibigyang-diin sa pag-aaral ni Durano at Candilas (2023) ipinakita ng mga natuklasan na mas epektibo ang *Game-Based Learning* kaysa sa *Teacher-Directed Instruction*. Bilang rekomendasyon, iminungkahi ng pananaliksik na ang mga istratehiyang pampagtuturo ay dapat maglaman ng mga interaktibo at nakaaaliw na gawain gayundin ng mga organisado a malinaw na instruksyon, sapagkat ito ay nagpapalakas ng aktibong kognitibong partisipasyon at nagpapalalim ng pundasyong kasanayan sa pag-unawa.

Ayon naman sa pag-aaral ni Tinalakay ni Reyes et al., (2022) sa artikulong ang iba't ibang estratehiya upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga tekstong Filipino. Kabilang dito ang *peer discussions, reflective journaling*, at *collaborative learning activities* na naglalayong hikayatin ang malayang pagpapahayag ng ideya at paglalapat ng nabasang impormasyon sa sariling karanasan. Ipinakita ng pag-aaral ang positibong epekto ng mga estratehiyang ito sa pagbabasa.
Lumaas sa temang ito na ninanais na **ipagpatuloy ang saya sa pagkatuto gamit ang building blocks at context clues** na nakakatulong na mahubog ang kaalaman ng mag-aaral sa pag-aanalisa ng binasang teksto. Ang resultang ito ay sinuportahan sa pag-aaral ni Oclarit at Casinillio (2021) na layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang epekto ng paggamit ng *context clues* bilang interbensyon sa pag-unawa sa binasa. Sinuri sa pananaliksik ang na bisa ng paggamit ng *context clues* bilang tulong sa pagpapabuti ng pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral gamit ang binagong *Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI).* Ang mga mag-aaral na patuloy na naipapakita kung paano gamitin ang *context clues* ay nagpapakita ng pag-unlad sa kanilang kakayahang tukuyin ang mga palatandaan sa teksto at napapabuti ang antas ng kanilang pag-unawa.

Ayon kay Masler (2022), pinagsasama ng *GameLet* ang indibidwal na pagsasanay, sariling pagkatuto, kolaborasyon, at gabay na puna ng kapwa mag-aaral. Nakakatulong ito upang maging mas masaya, nakakaengganyo, at kapaki-pakinabang ang pagkatuto sa pamamagitan ng *gamification* o paggamit ng laro sa edukasyon.

Sa panghuling tema lumabas na ang p**agpapabuti ng interbensiyon at pagdaragdag ng bagong kasanayan** ay malaking epekto sa pagpapatibay at pakikipaglahok ng mag-aaral. Sa pag-aaral ni Atienza at Andal (2023) binibigyang-diin na tinutulungan ng mga guro ang mga mag-aaral sa paglinang ng kanilang mga kasanayan. Ipinapakita rin ng resulta na ang mga aktibidad na may kaugnayan sa Game-Based Learning ay palaging isinasagawa ayon sa pananaw ng mga guro. Palagi nila itong ginagawa at pinauunlad ang positibong saloobin, pati na rin ang diwa ng pagiging makatarungan at pagbabahagi, tungo sa pagkakamit ng kasanayan ng mga mag-aaral.

Ayon kay Maki (2022), may katamtamang epekto ang mga interbensyon sa pagbasa sa pagpapahusay ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa, bagama't may pagkakaiba-iba sa resulta ng bawat pag-aaral. Ipinapakita ng pananaliksik na epektibo sa pangkalahatan ang mga interbensyon sa pagpapabasa para sa iba't ibang uri ng mag-aaral.

KONKLUSYON

Batay sa mga resulta ng pag-aaral, ang mababang mean na nakuha ng mga mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang sa *pre-test* ay nagpapakita ng pangangailangang pagtuunan ng pansin ang kanilang kasanayan sa pagbasa at pagkatuto. Bago isagawa ang interbensyon, ipinakita ng mga mag-aaral ang napakababang antas ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa, na may mean na marka sa *pre-test* na 12.208 (51 %) at patuloy na kahirapan sa lahat ng indikador, partikular na sa mga aspekto tulad ng pagbasa at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Gayunpaman, matapos ipatupad ang interbensyon, nakitaan ng kapansin-pansing pag-unlad ang mga mag-aaral, batay sa mas mataas na *mean* na marka sa *post-test* na 21.125 (88%) at mas mataas na antas ng pagganap sa lahat ng indekeytor, na ngayon ay napapabilang na sa kategoryang "Mataas." Pinagtibay pa ng estadistikang pagsusuri ang pagiging epektibo ng interbensyon, kung saan nakuhang p-value ay mas mababa sa <.001 at may napakalaking epekto (Cohen's d = 1.827), na nagpapakita na ang pag-unlad ay hindi lamang estadistikang makabuluhan kundi edukasyonal ding mahalaga. Pinatutunayan ng mga natuklasang ito ang bisa ng interbensyong *Project PARES* sa pagpapahusay ng kakayahan sa pag-unawa sa binasa at binibigyang-diin ang potensyal nito bilang isang mahalagang estratehiyang panturo sa pagtugon sa mga suliranin sa pagbasa sa antas secondarya.

Pinalalim ng mga kwalitatibong pananaw mula sa panayam ang mga natuklasang datos, na nagpakita ng pag-unlad ng mga mag-aaral sa pagbasa, pag-unawa, at kumpiyansa sa sarili matapos ang *Project PARES*. Bunga nito, tumaas ang kanilang motibasyon at paniniwala sa sariling kakayahan. Inilahad din ang positibong ugnayan sa kapwa mag-aaral, na nagpapakita ng epekto ng interbensyon sa gawi at pananaw sa pagkatuto. Iminungkahi rin ang paggamit ng teknolohiya at interaktibong laro upang higit pang pagandahin ang interbensyon, na nagpapahiwatig ng kahalagahan ng aktibong partisipasyon at angkop na estratehiya sa pagtuturo

REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral na ito, inirerekomendang ang paggamit ng mga pang-edukasyong suportang tulad ng *educational games* isahan man o pangkatan upang higit pang mapayaman at maging makabuluhan ang karanasan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Dapat gamitin at iangkop ng mga guro ang mga teknik na ginamit sa interbensyon tulad ng mga *gamification games* at paggamit ng mga simple ngunit sistematikong estratehiya upang maging mas kawili-wili at epektibo ang ginawang interbensyon.

Hinihikayat din ang pagbuo ng isang malawakang, organisado, at estrukturadong programang *peer tutoring* sa antas ng paaralan upang magkaroon ng konsistensiya at sistematikong suporta sa paglinang ng kasanayang pampagkatuto. Upang higit pang mapabisa ang interbensyon, nararapat na isaalang-alang ng mga guro ang paggamit ng teknolohikal na kagamitan tulad ng mga interaktibong laro na maaaring magpataas ng motibasyon ng mga mag-aaral at umangkop sa iba't ibang estilo ng pagkatuto.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Mahalagang gamitin ang paraang nakatuon sa mag-aaral upang maging mas aktibo at responsable sila sa sariling pagkatuto. Sa pamamagitan ng pagbabahagi ng ideya, pagsagot sa tanong, at paggamit ng makabagong kagamitan o interaktibong laro, napapaunlad ang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa.

TALASANGGUNIAN

1. *Alghonaim, A. S. (2020). Impact of related activities on reading comprehension of EFL students. English Language Teaching, 13(4), 15.*
2. *Arikinto, S. (2006) Procedure penelitan, suatupendekatonpraktic rineka cipta, Jakarta*
3. *Atienza, H. a. L., & Andal, E. Z., EdD. (2023). Game-Based instructional delivery in promoting school achievement in public elementary schools. International Journal of Social Science Humanity & Management Research, 2(06)*
4. *Bayang, E. E., & Rodriguiz, A. L. R. (2020). Kaalaman at kasanayan (competence) sa pananaliksik ng mga senior hayskul sa Filipino: Implikasyon sa pagtanggal ng Filipino sa kolehiyo (CHED Memo Blg. 20 s. 2013). International Journal of Current Research.*
5. *Caparos, N. C. C., Cristal, N. K. P., Lacsi, N. L. A., & Semblante, N. S. J. P. (2024). Peer up! (practice and enhance through engaging in reading using peer tutoring): pagpapaunlad sa kasanayan sa wikang filipino ng mga mag-aaral sa sekondarya. Epra International Journal ofultidisciplinary Research (IJMR), 408–416.*
6. *Cohen, J. (1988). Statistical Power Analysis for the Behavioral Sciences (2nd ed.). Lawrence Erlbaum Associates.*
7. *Delos Santos, L. S., Garingalao, A., Mariano, J. P., Najam, H. M., Ladao, C. C., (2024).mga salik na nakaaapekto sa antas ng pagunawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa junior high school. (2024). American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), Volume-08,(Issue-03, pp-130-140).*
8. *Ernest Gerard B. Durano, Kurt S. Candilas. (2023) Improving Grade 8 Struggling Readers' Reading Comprehension Skills through Game-based Learning and Teacher-directed Instruction. BRU ELT JOURNAL, 1(3), 88-101. 10.14456/bej.2023.20*
9. *Gime, A. at Macascas, C. (2020). WikaGenZ: Bagong anyo ng Filipino slang sa Pilipinas. International Journal of Research Studies in Education, 9(3).*
10. *Gubalani, J., Basco, J., Bulig, MaryRose., Bacatan, J. (2023). The effectiveness of peer tutoring in enhancing reading comprehension of ninth grade students. Canadian Journal of Language and Literature Studies, 3(4).*
11. *Hashemi, A. (2021). The effects of using games on teaching vocabulary in reading comprehension: a case of gifted students. Journal for the Education of Gifted Young Scientists, 9(2), 151–160.*
12. *Hashemi, A. (2021b). The effects of using games on teaching vocabulary in reading comprehension: a case of gifted students. Journal for the Education of Gifted Young Scientists, 9(2), 151–160.*
13. *Hoang, T. T., & Nguyen, U. T. (2023). An investigation into the difficulties in reading comprehension skills experienced byfirst-year English-majored students at school of foreign languages. American Journal of Education and Learning, 8(1), 53–62.*
14. *Jack, E., Alexander, C., & Jones, E. M. (2024). Exploring the impact of gamification on engagement in a statistics classroom. arXiv Preprint.*
15. *Jaya, A., Hartono, R., Wahyuni, S., & Yulianto, H. J. (2024). The Power of Collaborative Learning: How Peer Interaction Improves Student Learning Outcomes? Journal of Education and Applied Teaching, 1(1).*
16. *Julita, R. (2024). The impact of gamification on EFL students' reading comprehension. Deleted Journal, 4(2), 136. https://doi.org/10.26418/jefle.v4i2.74901*
17. *Maki, K. E., & Hammerschmidt-Snidarich, S. (2022). Reading fluency intervention dosage: A novel meta-analysis and research synthesis. Journal of School Psychology, 92, 148–165.*
18. *Massler, U., Müller, W., Iurgel, I., Haake, S., Gantikow, A., & Hadzilacos, T. (2022). Meaningful, gamified training of reading fluency. Frontiers in Computer Science, 4.*
19. *Mogea, N. T. (2023). Improving students's reading comprehension through group discussion technique. Jurnal Pendidikan Dan Sastra Inggris, 3(1), 91–102.*
20. *Murillo-Zamorano, L. R., López Sánchez, J. Á., Godoy-Caballero, A. L., & Bueno Muñoz, C. (2021). Gamification and active learning in higher education: is it possible to match digital society, academia and students' interests? International Journal of Educational Technology in Higher Education, 18, 15.*
21. *Noval, R. (2024). Pagpapalakas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa sekundarya sa harapang pagtuturo: Mga salaysay ng mga guro sa Filipino. Nexus International Journal of Science and Education, 1(2).*
22. *Oclarit, R. P., & Casinillo, L. F. (2021). Strengthening the Reading Comprehension of Students Using a Context Clue. Journal of Education Research and Evaluation, 5(3), 373–379.*
23. *Piator, P. C., & Villocino, R. P. (2024). Enhancing Pupils' Reading Comprehension Skills through Peer-Assisted Learning Strategy (PALS). EPRA International Journal of Multidisciplinary Research, 10(3).*
24. *Reyes, A. T. (2022). Strategies for deepening reading comprehension in Filipino classrooms. Philippine Journal of Education, 98(1), 112-127.*
25. *Sukarni, S. (2021). The use of Cloze Test to test reading comprehension of Non-English Department students. Jo-ELT (Journal of English Language Teaching) Fakultas Pendidikan Bahasa & Seni Prodi Pendidikan Bahasa Inggris IKIP, 8(1), 74. https://doi.org/10.33394/jo-elt.v8i1.3788*
26. *Suson, R., Baratbate, C., Anoos, W., Ermac, E., Aranas, A. C., Malabago, N., … & Capuyan, D. (2020). Differentiated Instruction for Basic ReadingComprehension in Philippine Settings. Universal Journal of Educational Research, 8(9), 3814-3824*
27. *Suyanto, E., Samhati, S., Aisyah, N. L., & Antrakusuma, B. (2024b). Reading comprehension studies in the last decade: global trends and future direction of Indonesia language researches. International Journal of Evaluation and Research in Education (IJERE), 13(5), 3544.*
28. *Shokri, H., & Khodareza, M. R. (2024). Impact of Peer-Assisted Mediation vs. Teacher-Intervention on EFL Learners' Attitude toward Reading Comprehension Classes: Interventionist Dynamic Assessment in Focus. Journal of Language and Translation, 14(1), 35-44.*
29. *Tolibas, M. C. J. (2025). ASSESSING THE READING SKILLS OF INTERMEDIATE GRADERS USING THE PHILIPPINE INFORMAL READING INVENTORY (PHIL-IRI): INSIGHTS FOR TEACHERS. International Journal of Education Humanities and Social Science, 08(01), 33–40.*
30. *Tomas, Mary Jane & Villaros, Erleo & Galman, Sheena. (2021). The Perceived Challenges in Reading of Learners: Basis for School Reading Programs. Open Journal of Social Sciences. 09. 107-122. 10.4236/jss.2021.95009.*
31. *Van Ryzin, M. J., Roseth, C. J., & McClure, H. (2020). The effects of cooperative learning on peer relations, academic support, and*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

engagement in learning among students of color. The Journal of Educational Research, 113(4), 283–291.

32. *Yıgıt, F., & Durukan, E. (2023). Effect of Peer-Assisted and Learning Together Techniques on 6th Grade Students' Reading Comprehension Achievement and Attitudes towards Reading. International Journal of Education and Literacy Studies, 11(1), 31–43.*
33. *Zawadka, J., Miękisz, A., Nowakowska, I., Plewko, J., Kochańska, M., & Haman, E. (2021). Remote learning among students with and without reading difficulties during the initial stages of the COVID-19 pandemic. Education and Information Technologies, 26(6), 6973–6994.*